DepEd Advisory No. 370, s. 2013
August 30, 2013
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit www.deped.gov.ph.)

PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP NG SANGGUNIAN SA FILIPINO (SANGFIL)

Ang Sanggunian sa Filipino (SANGFIL), na binubuo ng Departamento ng Filipino ng iba't ibang kolehiyo't unibersidad sa pagtataguyod ng Komisyon ng Lalong Mataas na Edukasyon ay magdaraos ng *Pambansang Seminar-Worksyap* na may paksang *Pambansang Seminar-Worksyap sa Paghahanda ng Kagamitang Panturo Para sa Batayang Edukasyon* na *May Tuon sa Grado 11 at 12* sa Oktubre 21-22, 2013 sa University Conference Center, Arts Building, Ground Floor ng Far Eastern University, Sampaloc, Manila.

Ang layunin ng Seminar-Worksyap ay ang mga sumusunod:

1. makapaghanda ng mga kagamitang panturo para sa binagong batayang edukasyon para sa mga guro ng sekundarya at kolehiyo;
2. makapagmungkahi ng mga bagong stratehiya sa pagtuturo kaugnay ng mga pagbabago sa kurikulum ng sekundarya at kolehiyo;
3. makapaghatag ng mga bagong salin at aralin kaugnay ng rehiyonal na panitikan
4. magpakilala ng mga bagong konsepto/kagamitan kaugnay ng paggamit ng midya at teknolohiya sa pagtuturo; at
5. maghain ng gabay sa paglinang at paggamit ng pinakabagong ortograpiya ng wikang pambansa.

Ang tagapangulo at miyembro ng kaguruan mula sa elementarya, sekundarya, at tersarya sa Filipino ng bawat kolehiyo at unibersidad ang dapat dumalo sa seminar-worksyap na ito.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral na mula sa pampubliko at pampribadong paaralan ay naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith* .

Para sa iba pang impormasyon, maaaring makipag-ugnayan kay:

Dr. Jimmuel C. Naval
Direktor ng Seminar-Worksyap
Sanggunian sa Filipino (SANGFIL)
c/o Departamento ng Filipino
De La Salle University
Taft Avenue, Manila
Telefax Blg.: (02) 524-4611 lokal 509 and 552

Rhea/DA- Pambansang Seminar-Worksyap sa Filipino ng SANGFIL
0669/August 22, 2013